

1

Magulang/Tagapag-alaga 2024-2025

Pagtanggap sa Pangongolekta ng Data

Ang Department of Early Childhood (DEC) ng Lungsod at County ng San Francisco ay nagpopondo ng mga programa para sa maagang edukasyon at pangangalaga ng bata, kasama na ang programang dinadaluhan ng inyong (mga) anak. Upang matanggap ang pagpopondong ito, kinakailangan ng programa na kolektahin at ibahagi ang impormasyong nasa ibaba sa Lungsod at County ng San Francisco tungkol sa lahat ng batang kalahok sa programa. Bagama't maaaring hilingin sa inyong magbigay ng iba pang opsyonal na data, ipinapakita ng listahan sa ibaba ang data na kinakailangan bilang bahagi ng pagpapatala ng inyong (mga) anak sa site na ito:

- Ang pangalan, petsa ng kapanganakan, lahi/etnisidad, at wika sa tahanan ng inyong anak
- Ang pangalan at address ng tahanan o kalagayang walang tirahan/walang natutuluyan ng magulang/tagapag-alaga
- Ang numero ng telepono at email address ng magulang/tagapag-alaga
- Ang programang dinadaluhan ng inyong anak, at kung kailan nagsimula at natapos sa programa ang inyong anak
- Iba pang pagpopondo na sumusuporta sa programa ng inyong anak (pagpopondo ng estado, pederal na pagpopondo, atbp.)
- Kung may mga espesyal na pangangailangan ang inyong anak, at kung oo, anong mga uri ng mga espesyal na pangangailangan
- Kung nasa panganib ba ng pang-aabuso o kapabayaang ang inyong anak (CPS)
- Ang laki ng pamilya ninyo at at antas ng kita ng inyong pamilya
- Ang mga petsa at resulta ng developmental screening ng inyong anak sa Ages and Stages Questionnaire (ASQ)
- Ang mga petsa ng mga pagtatasa sa Desired Results Developmental Profile (DRDP) at mga parent-teacher conference ng inyong anak

Sa pagpapatala sa site na ito, na pinopondohan ng DEC, ang inyong anak ay maaaring mabigyan ng benepisyo ng pagpapahusay sa sining at literasiya, pag-eksamen ng kalusugan at ngipin, at pag-eksamen at intervention para sa pag-develop, at ang site at ang mga kawani nito ay maaaring makatanggap ng mas matataas na sahod at benepisyo, pagpapayo, at konsultasyon sa kalusugan ng pag-iisip. Nakalaan ang mga serbisyong ito upang pagandahin ang kalidad ng programa at upang suportahan ang pagkatuto ng inyong anak. Bilang bahagi ng pagpapatala, sumasang-ayon kayong ibahagi ang data ng inyong anak sa DEC at sa mga partner na nagbibigay ng mga serbisyong ito, nagpapanatili ng mga system ng data ng DEC, at nagsusuri ng mga programa at serbisyo ng DEC. Hindi ibabahagi ang impormasyong ito sa labas ng Lungsod at County at mga partner nito maliban na lang kung may nakasulat na pahintulot ninyo.

Ang aming patakaran sa data ay **HUWAG MAGBAHAGI** ng impormasyon sa mga pribadong korporasyon o kumpanya ng marketing, o sa mga ahensya ng tagakolekta at ahensya ng credit. **HINDI RIN NAMIN IBABAHAGI** ang iyong data sa criminal justice, mga hukumang pampamilya, Immigration and Customs Enforcement, IRS, DMV, maliban na lang kung nabigyan kami ng partikular na legal na utos na gawin iyon. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa pangongolekta ng data at privacy, makipag-ugnayan sa DEC sa 415-355-3670.

Nauunawaan ko na bilang bahagi ng pagpapatala ng anak ko sa programang ito, ang data na inilalarawan sa itaas ay kokolektahin ng DEC at mga tagabigay ng serbisyo sa site.

Pangalan ng Bata (Paki-print): _____ **Petsa ng Kapanganakan ng Bata:** _____

Pangalan ng Magulang o Tagapag-alaga (Paki-print): _____

Lagda ng Magulang o Tagapag-alaga: _____ **Petsa:** _____

**Pangalan ng Programa sa Maagang Edukasyon /
Pangangalaga ng Bata (Paki-print):** _____